（TAGALOG/タガログ語版）　Ｎｏ．103


KIAN KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

# Museo ng Photocatalyst

307 （光触媒ミュージアム）



Sa loob ng (KSP) Kanagawa Science Park, kasalukuyang mapapanood ang Museo ng PhotoCatalyst. Pinagtutuunan ng pansin kamakailan ang kabuuan o mekanismo ng photocatalyst, ang mga stain-resistant, paglabo ng salamin o kaya mga bintanang gawa sa salamin, maging ang pagtanggal ng dumi ng tent sa pamamagitan ng tubig lamang ay makikita, mahahawakan dito sa pasilidad na ito.

Naka-display din dito ang mga produktong gawa o imbento ng Kawasaki mula sa mekanismo ng photocatalyst.

Ang Photocatalyst ay pagbabago ng bagay ayon sa sinag ng araw kung saan ang ultra-violet rays pagkatapos nitong magkaroon ng contact sa ibabaw ng bagay, ang active enzyme ay mag-rereact upang baguhin ang harmful/toxic substance para maging harmless substance, kung minsan, nagagawa rin nitong mapakalat ang tubig sa halip na maging hamog ito.



Kung nais makaranas ng tungkol sa Agham, inaanyayahang puntahan ang Photocatalyst Museum. Bukas ito sa pangkaraniwang araw mula alas dyes ng umaga hanggang alas singko ng hapon. Sarado sa Sabado, Linggo at pistang opisyal. Walang bayad ang entrans.



Ang Photocatalyst Museum ay nasa loob ng KSP Kanagawa Science Park. Upang makarating dito, sumakay sa libreng shuttle bus na manggagaling sa Mizonokuchi (5minutos).


Tumawag para sa mga katanungan sa:Photocatalyst Museum 044-814-5096.


# Paligsahan ng Kawasaki Robot, ika-14 beses

308 （第 14 回かわさきロボット競技大会）

Gaganapin ang ika-14 beses Kawasaki Robot Tournament sa loob ng 3 araw mula ika-24 (Biyernes) hanggang ika-26 (Linggo) ng Agosto ! Ito ang pinaka pintuan tungo sa tagumpay para sa mga taong may hilig sa pag-imbento o paggawa ng mga bagay. Ang paligsahang ito ay naglalayong subukan ang pagkakaisa ng robot at ng taong lumikha dito. Ang kabuuan ng paligsahang ito ay: depende sa pagkakagawa ng mga paa ng robot bilang pundasyon nito, ang kakayahan ng mga braso nito habang ito ay kontrolado ng may-ari at paano ito makipaglaban. (Battle Robot Tournament) Kabilang din dito ang mga likhang robots ng mga mag-aaral sa elementarya at junior high school ang bakbakan sa ring para sa Junior Robot Competition. Karagdag pa dito, mapapanood ang mga naka-display sa Robot processing Technology Mini industrial Fair.


Ito ay libre at tugma para sa ibentong may kinalaman sa “Kawasaki, City of manufacturing”.





Ang labanan ay magsisimula sa ika-24 ng Agosto(Linggo)hanggang ika-26 sa Industrial promotion Hall na kilala sa pangalang Sangyo Shinkou Kaikan. Ito ay mararating sa 8 minutong paglalakad mula saWest exit ng JR Kawasaki Station.


Para sa mga katanungan tumawag sa Executive Committee ng 14th Robot Competition 044-548-4117.



# Paglikas sa panahon ng Kalamidad

309 （災害時の非難）

Ang Disaster Prevention Day ay tuwing ika-1 ng Septyembre ng bawat taon. Isang magandang pagkakataon upang malaman natin kung saan ang pinakamalapit na likasan o emergency evacuation shelter maging ang malakihang lugar ng likasan sa ating lugar. May buklet sa wikang hapon na pinamagatang ***waga ie no bousai handobukku*** na kung saan ito ay may mga mapang nagsasaad ng mga lugar ng likasan at mga may kinalamang pasilidades. Meron ding buklet na mas maliit dito na naka-salin sa wikang ingles. Makukuha ito sa mga tanggapan ng pamahalaan o ward offices.





*Mga bagay na dapat tandaan sa panahon ng paglikas:*

- Siguraduhing isara ang mga gas valves at ibaba ang kuntador ng inyong tahanan bago lumisan.
- Magsuot ng matibay at matatag na sapatos at magsuot ng helmet o anumang bagay na makakapag-protekta sa inyong ulo.
- Dalhin ang mga bagay lamang na importante sa iyo.
- Sundin ang mga instructions na ibibigay ng mga autoridad, pulisya at bumbero.




Dapat nating alamin at maging laging handa sa mga pangyayari at anumang pagkakataon.

Para sa inyong katanungan tungkol sa paglikas, at pagiging laging handa,maaaring tumawag sa General Affairs Bureau, Crisis Management office:044-200-2840.

# May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

# Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki





***Silid ―Sanggunihan para sa mga Dayuhan***

**Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.**

**■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika**

**Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado**

**Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles**

**Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes**

**Wikang Portugis: Martes at Biyernes**

**Wikang Koryano : Martes at Huwebes**

**Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles**

**■ Oras ng Konsultasyon**

**10:00 ng umaga 〜16:00 ng hapon**

Inilathala ng Asosasyong Pandaidig ng Siyudad ng Kawasaki
2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/